Ang Lasa Bilang Wika:
Pagpapayaman ng Mga Salitang Panlarawan o Pang-uring Nag-uugnay sa Lasa
Antas: Ikatlong Baitang

Claudette M. Ulit

Panimula
Pangunahing kaakibat ng buhay ng tao ang pagkain, kaya naman ito rin ang masasabing pinakapopular na bahagi ng ating kultura. At dahil dinamiko ang kultura, bukas sa pagbabago, umaangkop, nahuhubog din ng kasaysayan ang lutuing Pilipino. Kaya't kasabay nito, hindi na nakapagtataka na napakaraming mga salitang nalikha kaugnay nito lalo na sa usapin ng lasa na mainam na gawing lunsaran sa pagpapayaman ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga salitang panlarawan o pang-uring nauugnay sa lasa. Gayundin, naisasakatuparan ng ganitong pamamaraan ang pagtuklas pa sa malawak at mahigpit na pagkakaugnay ng wika sa mismong pamumuhay ng isang lipunan, halimbawa sa araling ito, ang mga salitang panlasa sa pakikipagkapwa.

Mga Layunin
Mga mag-aaral sa ikatlong baitang ang tuon ng araling ito, kaya't inaasahang natutuhan na ng mga mag-aaral ang mga kasanayan tulad ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa salitang-ugat at nakapaglalarawan na ng mga tao, bagay, lugar at pangyayari gamit ang mga angkop na salita, at maging mga karaniwang tayutay o imahen.

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan ang mag-aaral na…

- Nakatutukoy ng mga pang-uring nauugnay sa panlasa.
- Nakakikilala at nakagagamit ng panlaping kaugnay ng paglalarawan ng lasa gaya ng *ma-*.

- Nakapagbibigay at nakagagamit ng mga salitang may kinalaman sa paglalarawan ng pagkain at panlasa.
- Nakakikilala ng mga pangunahing lasa ng mga pagkaing Pilipino.
- Nakapag-iisa-isa at nakauunawa ng mga bagay na nakaiimpluwensiya sa lasa ng ating karaniwang pagkain gaya ng ekolohiya't kultura.
- Napahahalagahan ang ugnayan ng mga salitang panlasa sa pakikipagkapwa.

Kagamitan

Pisara at yeso

Mga larawan/Mga ipatitikim na pagkain (tingnan ang bahagi ng pangganyak na gawain)

Maaaring maghanda ng *powerpoint presentation* kung may probisyon para rito

Pagganyak na Gawain

Unang opsiyon

Maaaring magpakita ang guro ng mga larawan ng pagkain at tanungin ang mga mag-aaral hinggil sa mga lasang maiuugnay nila rito. Sa pagsasagawa ng tanong-sagot sa bahaging ito, sikaping maipaunawa sa mag-aaral ang halaga ng pagiging ispesipiko at detalyado. Halimbawa, maaaring isagot ng mag-aaral ang salita o pang-uring "masarap". Alalahanin na bawat isa ay may kani-kaniyang ideya ng lasa o "masarap" kaya't dapat na susugan pa ito ng guro ng mga karagdagang tanong. Sa ganitong paraan, higit na makikita't maibibigay ng mag-aaral ang natatanging lasa at katangian ng pagkaing kaniyang kinakain gayundin ang mainam na pagpapagalaw ng imahinasyon ng kapwa mag-aaral na nakikinig naman sa aktibidad. Makadaragdag din ito sa talasalitaan o hindi kaya'y *word bank* ng mga mag-aaral kaya opsiyon din ng guro na ilista o imapa sa pisara ang mga salitang ibinigay ng mag-aaral.

Ikalawang opsiyon

Dahil pagkain at lasa nito ang tampok na paksa para sa aralin, mainam na simulan ang klase sa pamamagitan ng pagpapatikim ng guro ng iba't ibang uri ng pagkain (mainam kung may baryasyon ang lasa at tekstura nito). Maaaring pumili lamang ng tatlong mag-aaral at habang nakapiring ang kanilang mga mata, isa-isa silang patikimin ng isang pagkain mula sa pagpipilian. Isa-isa rin silang tatanungin na bagaman inaasahang magagamit ang iba't ibang pandama, bibigyang-tuon lamang

ang mga pang-uring may kinalaman sa lasa nito. Muli, sa pagsasagawa ng tanong-sagot sa bahaging ito, sikaping maipaunawa sa mag-aaral ang halaga ng pagiging ispesipiko at detalyado. Makadaragdag din ito sa talasalitaan o hindi kaya'y *word bank* ng mga mag-aaral kaya opsiyon din ng guro na ilista o imapa sa pisara ang mga salitang ibinigay ng mag-aaral.

Ikatlong opsiyon

Maaaring nakapagbigay na ang guro ng takdang-aralin kaugnay sa pinakapaboritong pagkain ng mag-aaral bago pa man ang nakatakdang talakayan. Maaari itong ipaguhit sa isang *bond paper* o kaya'y gumupit ng litrato. Bilang panimula ng aralin, papiliin ang bawat mag-aaral ng makakapareha sa bahaginan sa kanilang upuan habang umiikot ang guro sa klase upang subaybayan ang bawat mag-aaral. Maaaring gamitin ang modelong pangungusap:

> Ang _____ ang paborito kong pagkain. Ang mga sangkap nito ay _____. Masarap ito dahil _____.

*Unang magbibigay ng modelong pangungusap ang guro sa bahaging ito.

Habang nag-iikot ang guro, maaaring ilista o imapa ng guro ang mga salita upang makadagdag sa talasalitaan o *word bank* ng mga mag-aaral.

Daloy at Laman ng Talakayan

- Bilang panimula, tututok ang talakayan sa limang pangunahing lasa: ang maalat, maasim, matamis, mapait, at maanghang. Maaaring magpakita rito ng mga larawan ng pagkaing kakatawan sa bawat isa o maaari na ang mga larawan kung unang opsiyon sa pangganyak ang piniling gawin. Sa pagkakataong ito, maaari nang ipasok ang usapin ng paggamit ng panlaping *ma-*.

- Maipapasok din ang pagtalakay sa salitang "matabang" – na nangangahulugang kawalan ng lasa, sarap, o linamnam. Gayundin ang mga salitang panukat tulad ng "kulang", "sobra", "labis", "katamtaman", at maging ang kultura ng pagtatantiya. Maisasagawa ang bahaging ito sa pamamagitan ng malayang talakayan. Maaaring magtanong ang guro sa mga mag-aaral hinggil sa kanilang mga obserbasyon, halimbawa na sa pagluluto ng kanilang ina.

- Maipapasok din sa talakayan ang hinggil sa tinutukoy o kinakatawan ng mga pang-

uring panlasa na ito sa ating kultura. Halimbawa, ang konsepto ng matamis na palaging itinatabi sa prutas, prineserbang prutas o panghimagas at hindi bilang lasa ng ulam, atbp.

- Nariyan din ang usapin ng pagiging tropiko ng ating bansa at ang kinalaman ng lugar at tao sa uri ng pagkain kanilang inihahanda. Ang pagkain sa partikular na mga lugar ay pagkilala sa etnisidad ng mga taong lumilikha o nagluto nito, pati na rin ng heyograpiya na pinaghalawan ng kondisyon ng paglikha. Halimbawa ang kasimplehan ng pinakbet ng mga Ilokano at ang napakametikulosong relyeno ng mga Kapampangan. Bagaman may kabigatan ang bahaging ito, mahalagang maisaalang-alang ito ng guro lalo na sa pagbibigay ng mga halimbawa sa mag-aaral.

- Maaari ring pag-usapan ang pangunahin nating pagkain– ang *kanin*.

  (Maaari ring magamit ang paksang ito sa ibang aralin– ang kanin halimbawa na sa pagtalakay ng pangngalan o kaya'y sa pagpapalawak ng talasalitaan. Dahil nga ito ang pangunahin nating pagkain, napakadali rin nating mag-isip ng mga salitang kasingkahulugan, tumutukoy, o nauugnay rito. Gaya na lamang ng palay, bigas, sinaing, atbp. Idagdag pa ang mga salitang natatangi sa kultura natin na may kinalaman sa pagluluto o paghahanda nito. Sa gayon, napakadaling ipasok ng kultura sa usaping pangwika.)

- Sa huli, maaari nang maipasok at maipaliwanag ang paggamit o pag-uugnay ng pang-uring panlasa sa usapin naman ng relasyon sa kapwa. Ilan sa mga halimbawa na maaaring gamitin ang "Matamis siyang ngumiti", "Masarap siyang kasama". Sa ganitong konteksto, maaaring masabi na ang pakikipagkapwa nating mga Pilipino ay parang pagkain. Mayroon itong "lasa".

Pagtataya

Magsagawa ng mabilisang pagpupulso ng guro sa natamong kabatiran ng mag-aaral hinggil sa aralin. Hikayatin ang mga mag-aaral na itaas ang kanilang kanang kamay kung lubusan silang sumasang-ayon sa mga pangungusap at kaliwang kamay naman kung hindi.

- Alam ko na ang mga *pang-uring nauugnay sa panlasa*
- Alam ko na ang *gamit ng panlaping ma- sa paglalarawan*
- Alam ko na ang mga *pangunahing lasa ng mga pagkaing Pilipino.*
- Alam ko na ang *bagay na nakaaapekto sa lasa ng ating karaniwang pagkain*

gaya ng ekolohiya't kultura.

- Alam ko na ang mga *salitang nauugnay sa lasa na nagpapahiwatig ng ating pagkakaugnay sa kapwa.*

Alamin kung sino sa mga mag-aaral ang nagtaas ng kaliwang kamay sa halos lahat ng pangungusap at alamin kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga mag-aaral. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

Mga mungkahing gawain sa pagpapayaman ng kasanayan:

- Pagsasanay sa pagbubuo ng mga pang-uri gamit ang panlaping *ma-* na nakatuon sa paglalarawan ng lasa.
- Pagtingin ng mga ekspresyon o mga pahayag sa iba pang wika ng Pilipinas na may kinalaman sa lasa at pakikipagkapwa (Hal. "Matamis siyang ngumiti","Masarap siyang kasama")